
Life of Christ
Tagalog

# Mga Tampok na Pangyayari sa Buhay ni Cristo



## 1

## Jesus - Ang Pinakadakilang Handog ng Dios

Maligayang Pagbati!

Ikaw ngayon ay nasa Ikalawang Kurso ng International Correspondence Institute! Inaasahan naming kalulugdan mo ang mga araling ito tungkol sa kahanga-hangang buhay ni Cristo. Sagutin mo ang pagsusulit at ipadala sa aming tanggapan. Lalagyan namin ng antas ang iyong mga sagot at ibabalik namin sa iyo kalakip ang isang magandang katibayan.

## ANG PINAKADAKILANG HANDOG



Kung mapapasaiyo ang lahat ng nanaisin mo, ano ang pipiliin mo? Maraming mga tao ang nagnanais na sila'y maging mayaman. Ang iba naman ay naghahangad ng kalusugan, kaligayahan o pakikipagkaibigan: mga bagay na hindi mabibili ng salapi.

Marahil ay hihingin mo ang walang katapusang kaligayahan. Subali't sino ang makagagawang ikaw ay mabuhay magpawalang-hanggan? Siya na gumawa sa iyo at nagbigay ng iyong buhay ang maaaring magbigay sa iyo ng walang hanggang kaligayahan. Siya ang Dios na gumawa ng mga Langit at lupa at lahat ng naroroon.

Ang walang hanggang kaligayahan ay hindi lamang isang bagay na nais natin. Minamahal ka ng Dios kaya ipinadala Niya ang Kanyang Bugtong na Anak, si Jesus upang maging Kaibigan mo. Yaong mga tatanggap sa Kanya ay magkakaroon ng walang hanggang kaligayahan. Kaya nga si Jesus ang pinakadakilang handog na maaari mong makamtan.

### GAWIN MO ITO

Sa ilalim ng bawa't tanong ay mayroong tatlong maisasagot. Lagyan ng X sa tabi ng inaakala mong pinakamabuting sagot.

1. Ano ang higit mong nais?
   _____ a) Kayamanan
   _____ b) Katanyagan
   _____ c) Isang kaibigan na makapagbibigay ng walang hanggang kaligayahan.

## ANG PANGAKO NG DIOS

Nais mong malaman kung paanong matatanggap ang pinakadakilang handog? Sinasabi ng Dios ang tungkol dito sa Kanyang kahanga-hangang Aklat, ang Biblia. Tinatawag natin itong Salita ng Dios sapagka't sinabi ng Dios sa mga tao kung ano ang nararapat na isulat.

Maraming daan taon bago isinilang si Jesus, sinabi na ng Dios sa mga propeta kung ano ang maaaring maganap. Sinulat nila ang mga mensahe ng Dios, o mga hula, sa unang bahagi ng Biblia. Ipinangako ng Dios na Kanyang ipadadala ang Kanyang Bugtong na Anak upang maging Tagapagligtas ng sanlibutan. Ang mga propeta ay nangagsihula na:



- Ang Tagapagligtas ay isisilang sa Betlehem.
- Ang Tagapagligtas ay isisilang ng isang dalaga.
- Ang Tagapagligtas ay mula sa angkan ni David.

GAWIN MO ITO

2. Anong Aklat sinasabi ng Dios ang tungkol sa Tagapagligtas? ____________________
3. Mayroon ka bang Biblia o ano mang bahagi nito?

____________________

## ANG ANGHEL AT SI MARIA

Mga 675 taon bago isilang si Jesus, sinulat ni propeta Isaias:

> "Narito ang isang dalaga ay maglilihi at manganganak ng isang lalaki at tatawagin ang Kanyang pangalan na Emmanuel." Isaias 7:14.

Ang kahulugan ng Emmanuel ay "sumasa atin ang Dios." Dumating din ang panahon na ang pangako ng Dios ay nagkatotoo. Halos 2,000 taon ang nakaraan, sinugo ng Dios ang isang anghel mula sa Langit tungo sa lupa na may mensahe para sa isang dalaga na ang pangalan ay Maria. Si Lucas, isang manggagamot, ang sumulat ng aklat na nasa Biblia tungkol sa karanasan ni Maria:



"Sinugo ng Dios ang anghel Gabriel sa isang bayan ng Galilea, ngala'y Nazaret, sa isang dalagang mag-aasawa sa isang lalaki na ang kanyang pangalan ay Jose, sa angkan ni David; at Maria ang pangalan ng dalaga.

At pumasok siya sa kinaroroonan niya, at sinabi, Magalak ka, ikaw na totoong pinakamamahal, ang Panginoon ay sumasa iyo.

Datapuwa't siya'y totoong nagulumihanan sa sabing ito, inisip sa kanyang sarili kung anong bati kaya ito.

At sinabi sa kanya ng anghel, Huwag kang matakot, Maria: sapagka't nakasumpong ka ng biyaya sa Dios.

At narito, maglilihi ka sa iyong tiyan, at manganganak ka ng isang lalaki at tatawagin mo ang Kanyang pangalang JESUS.

Siya'y magiging dakila, at tatawaging Anak ng Kataastaasan: at sa Kanya'y ibibigay ng Panginoong Dios ang luklukan ni David na Kanyang ama. At Siya'y maghahari sa angkan ni Jacob magpakailan man; at hindi magwawakas ang Kanyang kaharian.

At sinabi ni Maria sa anghel. Paanong mangyayari ito, ako'y hindi nakakakilala ng lalaki?

At sumagot ang anghel, at sinabi sa kanya, Bababa sa iyo ang Espiritu Santo, at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataastaasan: kaya naman ang banal na bagay na ipanganganak ay tatawaging Anak ng Dios...

At sinabi ni Maria, Narito, ang alipin ng Panginoon; mangyari sa akin ang ayon sa iyong salita. At iniwan siya ng anghel." Lucas 1:26-38.

"Ang Panginoon" ang iba pang pangalan para sa Dios. Hindi maunawaan ni Maria ang magaganap, subali't bilang isang alipin ng Dios, siya'y handang sumunod sa anumang hinihingi ng Dios na kanyang gawin.

GAWIN MO ITO

4. Sino ang pinili ng Dios upang maging ina ng Tagapagligtas? ____________________

## SI MARIA AT SI ELISABET

Pagkatapos matanggap ang mensahe ng anghel, si Maria ay nakasumpong ng himala na naganap sa kanyang katawan. Siya'y magkakaroon ng Anak na walang ama sa lupa. Pinili siya ng Dios na maging ina ng Kanyang Anak, ang Tagapagligtas! Subali't si Maria ay nahaharap sa isang malaking suliranin. Sino ang maniniwala sa nangyari sa kanya? Siya'y nakatakdang pakakasal sa isang mabuting lalaki, isang anluwagi na nagngangalang Jose. Ano ang kanyang iisipin kung malaman niyang si Maria ay nag-dadalang-tao? Kung siya'y kanyang pararatangan ng imoralidad, si Maria ay maaaring batuhin hanggang siya'y mamatay! Ano ang nararapat gawin ni Maria?



Sinabi ng anghel ang tungkol sa himala na ginawa ng Dios kay Elisabet na pinsan ni Maria. Marahil mauunawan niya ito. Kaya si Maria ay nagpunta sa bahay ni Elisabet at sa kanyang asawang si Zacarias at doon tumira si Maria ng tatlong buwan.

Napuspos si Elisabet ng Espiritu at sumigaw siya ng malakas na tinig, at sinabi, "Pinagpala ka sa mga babae at pinagpala ang bunga ng iyong tiyan. At ano't nangyari sa akin, na ang ina ng aking Panginoon ay pumarito sa akin? At sinabi ni Maria, "Dinadakila ng aking kaluluwa ang Panginoon, at nagalak ang aking espiritu sa Dios na aking Tagapagligtas. Sapagka't nilingap Niya ang kababaan ng Kanyang alipin. Sapagka't narito mula ngayon at tatawagin akong mapalad ng lahat ng maghahali-haliling lahi.

Sapagka't ginawan ako ng Makapangyarihan ng mga dakilang bagay." Lucas 1:41-43, 46-49.

Si Maria ay magandang dalaga na sumasamba sa Dios at nakakaalam ng Kanyang Salita. Siya ay matalino, magalang, matapat, masunurin, mapagkumbaba, at mabuti. Kumikilala tayo ng utang na loob sa kanya sa kanyang bahagi ng pagdadala ng Tagapagligtas sa sanlibutan. Ang anghel at si Elisabet ay kapuwa nakaunawa na ang Dios ang pumili kay Maria upang maging ina ng Tagapagligtas. Subali't hindi nila sinamba si Maria. Maging si Maria ay kumilala ng pangangailangan niya ng Tagapagligtas. Kanyang sinabi, "... nagagalak ang aking espiritu dahil sa Dios na aking Tagapagligtas."

GAWIN MO ITO

5. Ano ang pangalan ng pinsan ni Maria?

______________________________

## ANG ANGHEL AT SI JOSE

Ano ang ginawa ni Jose nang malaman niyang nagdadalang-tao si Maria?

At si Jose palibhasa'y isang lalaking matuwid, at ayaw na ihayag sa madla ang kanyang kapurihan, ay nagpasiyang hiwalayan siya ng lihim. Datapuwa't samantalang iniisip niya ito, narito, ang isang anghel ng Panginoon ay nagpakita sa kanya sa panaginip na nagsasabi: Jose, anak ni David, huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka't ang kanyang dinadalang-tao ay sa Espiritu Santo. At siya'y manganganak ng isang Lalaki; at ang pangalang itatawag sa Kanya'y Jesus; sapagka't ililigtas Niya ang Kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan. At nagbangon si Jose sa kanyang pagkakatulog at ginawa niya ang ayon sa ipinaguutos sa kanya ng anghel ng Panginoon, at tinanggap ang kanyang asawa; At hindi nakilala siya hanggang sa maipanganak ang isang Lalaki, at tinawag niya ang Kanyang pangalang JESUS." Mateo 1:19-21, 24,25.



GAWIN MO ITO

6. Ano ang sinabi ng anghel kay Jose?
   _____ a) Makipagkasira sa kasunduang pakasal.
   _____ b) Tanggapin si Maria. Ang kanyang dinadalang-tao ay sa Espiritu Santo.
   _____ c) Kalimutan si Maria

## ISINILANG SA BETLEHEM

Si Augusto Cesar ay nagbigay ng utos na magpatala ang buong sanlibutan. Si Maria at si Jose ay mula sa angkan at sa lahi ni David, kaya nga sila'y nagtungo sa Betlehem, sa bayan ni David, upang magpatala. Yaon ang lugar na sinabi ni propeta Mikas na sisilangan ng Tagapagligtas.

Wala nang lugar para kay Maria at Jose sa tuluyan. Nakasumpong sila ng mapagpapahingahan sa silungan ng mga hayop. Ang anghel ang nagdala ng mabuting balita sa mga pastol:



"At sinabi sa kanila ng anghel. Huwag kayong mangatakot; sapagka't narito, dinadalhan ko kayo ng mabuting balita ng malaking kagalakan, na siyang sasa buong bayan: Sapagka't ipinanganak sa inyo ngayon sa bayan ni David ang isang Tagapagligtas, na Siya ang Cristo, ang Panginoon. At ito ang sa inyo'y magiging pinakatanda: Masusumpungan ninyo ang isang Sanggol na nababalot ng lampin, at nakahiga sa isang pasabsaban. At biglang nakisama sa anghel ang isang karamihang hukbo ng Langit, na nangagpupuri sa Dios, at nangagsasabi: Luwalhati sa Dios sa kataastaasan, At sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan Niya." Lucas 2:10-14.

Nasumpungan ng mga pastol si Maria at si Jose, at ang Sanggol na nakahiga sa pasabsaban. Pinuri nilang lahat ang Dios dahil sa pinakadakilang handog na ito.

Ilang pantas na lalake ang dumating din mula ibang bayan upang sambahin si Jesus. Pagkatapos, sinikap ni Haring Herodes na patayin si Jesus subali't si Maria at si Jose ay tumakas at itinago si Jesus sa Egipto.

Pagkaraan ng ilang panahon, sila'y bumalik sa Nazaret at doon lumaki si Jesus.

### GAWIN MO ITO

7. Ano ang pinakadakilang handog ng Dios?
   ______ a) Kaligayahan
   ______ b) Kalusugan
   ______ c) Si Jesu-Cristo, ang Tagapagligtas, na nagbibigay ng buhay na walang hanggan.

STUDENT NUMBER

# MGA TAMPOK NA PANGYAYARI SA BUHAY NI CRISTO

## PAGSUSULIT 1

## JESUS - PINAKADAKILANG HANDOG NG DIOS

PANGALAN: ______________________________
Tirahan: ______________________________
______________________________________

*Sa ilalim ng bawa't tanong ay mayroong tatlong maisa-sagot. Lagyan ng X ang pinakamabuting sagot.*

1. Ano ang higit mong nais?
   _____ a) Kayamanan
   _____ b) Katanyagan
   _____ c) Isang kaibigan na makapagbibigay ng walang hanggang kaligayahan
2. Anong Aklat sinasabi ng Dios ang tungkol sa Tagapagligtas? ______________________
3. Mayroon ka bang Biblia o ano mang bahagi nito? ____
4. Sino ang pinili ng Dios upang maging ina ng Tagapagligtas? ______________________
5. Ano ang pangalan ng pinsan ni Maria? __________
6. Ano ang sinabi ng anghel kay Jose?
   _____ a) Makipagkasira sa kasunduang pakasal.
   _____ b) Tanggapin si Maria. Ang kanyang dinadalang-tao ay sa Espiritu Santo.
   _____ c) Kalimutan na si Maria.
7. Ano ang pinakadakilang handog ng Dios?
   _____ a) Kaligayahan
   _____ b) Kalusugan
   _____ c) Si Jesu-Cristo, ang Tagapagligtas, na nagbibigay ng buhay na walang hanggan.

# *Patalastas!*

*Mapag-aaralan ang mga aralin nang isahan o kasama ng grup na tinatawag na "Learning Center." Naghahandog ang ICI Ministries, Inc., ng mga kursong isinalin sa Tagalog; Ilocano, Cebuano at Hiligaynon.*

*Aming iminumungkahi na pagkatapos mo ng anim na mga aralin nitong "Mga Tampok Na Pangyayari Sa Buhay ni Cristo" isunod mong pag-aralan ang kurso na pinamagatang "Ang Iyong Matulunging Kaibigan" - Ang Espiritu Santo*



**ICI Ministries, Inc.**
**P.O. Box 13461, Ortigas Center**
**1605 Pasig City, Metro Manila, PI**
Website: **www.iciphilippines.org**
E-mail: **info@iciphilippines.org**

# Serye ng Mga Tampok na Pangyayari sa Buhay ni Cristo

## Aralin

1. *Jesus - Ang Pinakadakilang Handog ng Dios*
2. *Jesus - Ang Dakilang Guro*
3. *Jesus - Propeta at Hari*
4. *Itinuturo ni Jesus ang Pagpapatawad*
5. *Si Jesus ay Namatay na Kapalit Natin*
6. *Si Jesus - Ang Nagbangong Panginoon*

ICI MINISTRIES

P.O.Box 13461, Ortigas Center, 1650 Pasig City
email: iciphil@info.com.ph * www.iciphilippines.org


*Mapag-aaralan ang mga araling ito sa ICI website.*

SPP
Tagalog

1/30M/6.02

Life of Christ
Tagalog

# Mga Tampok na Pangyayari *sa* Buhay *ni* Cristo



Aralin 2-6

# MGA TAON NG PAGHAHANDA

## Nakita ni Jesus ang Pangangailangan ng mga Tao

Si Jesus ay lumaki sa Nazaret, isang lunsod na may 15,000 mamamayan, lalawigan ng Galilea. Ito'y isang pinagtitigilang lugar na nasa malaking kalsada, sa pagitan ng Jerusalem at mga daungan ng Tiro at Sidon. Ang bisyo at krimen ay palasak na kaya nga ang sabi ng mga tao ay, "May mabuti bang bagay na magmumula sa Nazaret?" Nakita ni Jesus ang kasalanan: ang kasakiman, kasamaan, kalupitan, at paghihimagsik laban sa Dios. Nakita Niya na ang mga lalaki at mga babae ay mga alipin na ng kasalanan.

Habang si Jesus ay gumagawang kasama ni Jose sa kanilang gawaan, narinig Niya na ang mga kalalakihan ay naghahangad ng kalayaan mula sa pamahalaan ng Roma. Nguni't alam ni Jesus na ang kalayaan pulitiko ay hindi makalulutas ng kanilang mga suliranin. Kinakailangan ng mga tao ay kalayaan mula sa kasalanang naghahari sa kanilang mga buhay. Siya'y naparito upang magkaloob ng kalayaang ito. Ang Kanyang pangalan, Jesus, ay nangangahulugang Tagapagligtas. Sinabi ng anghel kay Jose:

> *"Ang pangalang itatawag mo sa Kanya'y Jesus: sapagka't ililigtas Niya ang Kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan"* Mateo 1:21.

## Natutuhan ni Jesus ang Salita ng Dios

Pinag-aralan ni Jesus ang Salita ng Dios at Siya'y naghanda para sa Kanyang gawain panghabang-buhay. Nang Siya'y labindalawang taong gulang na, naunawaan na Niya ang Salita ng Dios higit kaysa sa Kanyang mga guro. Minahal Niya ito at lagi Niya itong sinusunod.

## Si Jesus ay Binautismuhan



Umalis si Jesus sa Nazaret nang Siya'y tatlumpung taong gulang na at Siya'y nagtungo sa bayan-bayan upang magturo ng Salita ng Dios. Inakay Siya ng Dios sa kinaroroonan ni Juan Bautista na nangangaral. Binautismuhan ni Juan si Jesus sa Ilog ng Jordan.

*Pagkatapos nang mabautismuhan si Jesus ay umahon Siya sa tubig. Nangabuksan sa Kanya ang mga Langit, at nakita Niya ang Espiritu ng Dios na bumababang tulad sa isang kalapati, at lumalapag sa Kanya; At narito, ang isang tinig na mula sa mga Langit, na nagsasabi, Ito ang sinisinta Kong Anak, na Siya Kong lubos na kinalulugdan" Mateo 3:16, 17.*

### Gawin Mo Ito

1. Punan ang mga puwang:
   Ang kahulugan ng "Jesus" ay __________.
   Si Jesus ay binautismuhan sa Ilog ng
   __________ ni ______________ Bautista.
   Sinabi ng Dios: "Ito ang sinisinta Kong
   ______________.
2. Mula sa anong bagay ililigtas ni Jesus ang mga tao?
   _____ a) Pamahalaan ng Roma
   _____ b) Kahirapan at sakit
   _____ c) Kanilang mga kasalanan

## PINAHIRAN PARA SA GAWAIN NG DIOS

Ang mga propeta, mga sasardote, at mga hari ay pinahiran ng langis upang maipakita na ang Espiritu Santo ang tutulong sa kanila sa paggawa nila para sa Dios. Ang ipinangakong Tagapagligtas ay tinawag na Mesias o Cristo. Ang dalawang pangalang ito ay nangangahulugang "pinahiran." Ang propetang si Isaias ay sumulat tungkol sa Kanya:

*"Sumasa akin ang Espiritu ng Panginoon, sapagka't ako'y pinahiran Niya upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga dukha: Ako'y sinugo Niya upang itanyag sa mga bihag ang pagkaligtas, At sa mga bulag ang pagkakita, upang bigyan ng kalayaan ang nangaaapi, upang itanyag ang kaayaayang taon ng Panginoon" Lucas 4:18, 19.*

Ang hula ni Isaias ay naging totoo kay Jesus. Siya ay nagtungo sa bawa't dako na nangangaral ng Mabuting Balita. Hinipo Niya ang mga maysakit at sila'y nagsigaling. Ang bulag ay nakakitang muli. Ang mga bihag ng kasalanan ay nakasumpong ng kalayaan. Ang sabi ni Jesus tungkol sa hula ni Isaias ay ganito: "Ngayo'y naganap ang kasulatang ito sa inyong mga pakinig!"

Gawin Mo Ito

3. Isaulo ang hula ni Isaias.
4. Anong mga pangalan ang nangangahulugang "pinahiran" ________________ o ________________.
5. Sinabi ni Jesus, tayo ay katulad ng ________ at ng ________ ng sanlibutan.

## TINUTURUAN NI JESUS ANG BABAING TAGA-NAYON

### Ang Paglalakbay Sa Samaria



Pumili si Jesus ng labindalawang lalaki upang maging katulong Niya. Tinatawag natin silang mga alagad Niya o mag-aaral. Ang dalawa sa kanila, si Mateo at si Juan ay sumulat ng buhay ni Jesus. Sinasabi ni Juan ang pagdalaw ni Jesus sa Samaria.

Ang pinakamalapit na daan mula sa Galilea tungo sa Jerusalem ay ang pagdaan sa lalawigan ng Samaria.

Marami sa mga manglalakbay ay umiiwas dumaan sa Samaria kahit mangahulugan ito ng malayong lakbayin sapagka't namumuhi sila sa mga Samaritano. Mababa ang kanilang tingin sa mga Samaritano, sapagka't sila'y nagmula sa ibang lahi at sila'y mayroong ibang kaugalian. Subali't hindi ganoon ang pakiramdam ni Jesus sa mga Samaritano. Mahal Niya ang bawa't tao. Ipinangako ng Dios na ipadadala Niya ang ilaw ng kaligtasan lahat ng mga bansa. Kaya nga, si Jesus ay nagtungo sa Samaria upang dalhin doon ang kaligtasan mula sa Dios.

### Gawin Mo Ito

6. Si Jesus ba ay palakaibigan sa mga Samaritano?
   _____ a) Hindi. Sila ay mula sa ibang lahi at relihiyon.
   _____ b) Oo. Iniibig ni Jesus ang bawa't isa.
   _____ c) Hindi. Sila'y masyadong makasalanan.

## ANG TUBIG NA NAGBIBIGAY NG KASIYAHAN

Sa bayan ng Sicar, si Jesus ay umupo sa tabi ng balon habang ang Kanyang alagad ay umalis upang bumili ng pagkain. Nang lumapit ang isang babaing taga-Samaria upang kumuha ng tubig, humingi si Jesus ng maiinom. Siya ay namangha sa pagkukusa ni Jesus na makipag-usap sa kanya.

*"Sumagot si Jesus at sa kanya'y sinabi, kung napagkikilala mo ang kaloob ng Dios, at kung sino ang sa iyo'y nagsasabi, Painumin mo ako; ikaw ay hihingi sa kanya, at ikaw ay bibigyan niya ng tubig na buhay. Sinabi sa kanya ng babae, Ginoo, wala kang sukat isalok ng tubig, at malalim ang balon: saan nga naroon ang iyong tubig na buhay? ... Sumagot si Jesus at sinabi sa kanya, Ang bawa't uminom ng tubig na ito ay muling mauuhaw: Datapuwa't ang sinumang uminom ng tubig na sa kanya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailan man; nguni't ang tubig na sa kanya'y aking ibibigay ay magiging isang balon ng*

*tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan" Juan 4:10-14.*

Kung ang katawan ang nangangailangan ng tubig tayo ay mauuhaw. Ang ating espiritu ay nangangailangan ng isang bagay na katulad ng pangangailangan ng katawan sa tubig. Hanggang hindi ito masumpangan, hindi tayo masisiyahan at tayo'y mauuhaw sa espiritu.

Ang babaing taga-Samaria ay naghanap ng kasiyahan sa pag-ibig. Limang ulit siyang ikinasal at namuhay na kasama ang isang lalaking hindi niya asawa. Alam ni Jesus ang lahat ng tungkol sa kanya sa unang pagkakita pa lamang sa kanya. Alam ni Jesus na siya'y hindi magiging maligaya liban na mapatawad ang kanyang mga kasalanan. Kaya't sinabi ni Jesus ang tungkol sa kanyang mga kasalanan. Inamin ng babaing taga-Samaria na gayon nga gaya ng sinabi ni Jesus. Napag-unawa ng babaing taga-Samaria na si Jesus ay isang lalaki ng Dios, isang propeta. Natitiyak niyang siya'y matutulungan ni Jesus. Nagtanong siya kung paano sasambahin ang Dios. Isaulo mo ang sagot ni Jesus:

*"Ang Dios ay Espiritu: at ang mga sa kanya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at sa katotohanan" Juan 4:24.*

Ipinaalam din ni Jesus sa kanya na Siya ang Mesias. Gayon na lamang ang kagalakan ng babaing Samaritano sa kanyang pagkakatagpo sa Tagapagligtas! Mula ngayon ang kanyang buhay ay magiging iba na. Agad niyang pinuntahan ang kanyang mga kaibigan upang sabihin sa kanila ang tungkol kay Jesus. Sila man, kailangan din nila ang buhay na tubig na ito.

*"At lalo pang marami ang mga nagsisisampalataya sa kanya dahil sa kanyang salita, at sinabi nila sa babae, ngayo'y nagsisisampalataya kami, hindi dahil sa iyong pananalita: sapagka't kami rin ang nakarinig, at nalalaman naming ito nga ang Tagapagligtas ng sanlibutan" Juan 4:41, 42.*

Ang mga tao ay naghahanap ng kaligayahan sa mga bagay-bagay, pag-ibig, gamot, alak, pag-aaral,

kapangyarihan, relihiyon, mabubuting gawa, o pagtakas sa mga katotohanan ng buhay. Alin man sa mga ito ay hindi makapagbibigay ng kasiyahang lubos. Si Jesus at ang Kanyang Pagliligtas ang tanging makatutugon sa iyong kauhawan.

Panalangin



*O Dios na lumikha sa akin, alam Mo ang pangangailangan ng aking nauuhaw na espiritu. Patawarin Mo po ako sa aking mga kasalanan. Bigyan Mo ako niyaong Tubig na buhay upang matugunan ang aking pagkauhaw. Turuan Mo akong sambahin Ka sa espiritu at sa katotohanan. Bayaan Mong makatagpo ko si Jesus at malaman ko sa aking sarili na Siya ang Tagapagligtas ng sanlibutan.*

**Gawin Mo Ito**

**7. Nasumpungan mo na ba ang tunay na kasiyahan kay Jesus? ______________**
**Nais mo ba? ____________________.**
**Basahin mo ang panalangin sa itaas nang limang ulit.**

## TINURUAN NI JESUS ANG MAYAMANG LALAKI

Minsan, isang lalaki ang tumatakbong lumapit kay Jesus, lumuhod sa harapan Niya at nagtanong: "Mabuting Guro, ano ang gagawin ko upang ako'y magmana ng buhay na walang hanggan?" Sinisikap niyang maging mabuti upang makapasok sa magandang tahanan sa Langit. Ang mayamang lalaking ito ay hindi nakamatay o nagkasala ng pangangalunya. Hindi siya nagnakaw, nagsinungaling o nandaya. Iginagalang niya ang kanyang mga magulang.

Napakabuti niyang tao, subali't kulang siya ng isang bagay. Walang sinuman ang may sapat na kabutihan upang makapasok sa Langit.



Ang kasalanan niya ay kasakiman. Inisip niya ang sarili niyang kaginhawaan higit kaysa makatulong siya sa iba. Higit niyang minahal ang salapi kaysa Dios. Kinakailangan din niya ang kaligtasan tulad ng pangangailangan niyaong babaing Samaritana. Kinakailangang unahin ang Dios upang magkaroon ng tunay na kaligayahan at buhay na walang hanggan.

*"Pagtitig sa kanya ni Jesus, ay giniliw siya, at sinabi sa kanya, isang bagay ang kulang sa iyo: Yumaon ka,ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik at ibigay mo sa dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa Langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin" Marcos 10:21.*

Maibibigay ni Jesus ang kanyang hinahanap, buhay na walang hanggan, subali't umalis siyang namamanglaw. Pinili niya ang kayamanan sa lupa kaysa sa kayamanan sa Langit.

**Gawin Mo Ito**

8. Sa iyong palagay, ang mayamang lalaki ba ay gumawa ng mabuting pagpili? _______
_______________________________

9. Ang pagsisikap bang maging mabuti ang siyang magdadala sa atin sa Langit? _____
_______________________________

## PROPETANG TULAD NI MOISES

Si Moises ay dakilang propeta at lider. Inakay niya ang kanyang bayan mula sa pagkaalipin at sa kanila'y ibinigay ang mga kautusan ng Dios. Ipinakita ng Dios kay Moises na ang Mesias ay magiging propeta rin upang ipahayag ang mensahe ng Dios sa mga tao. Pangungunahan ng Mesias ang mga tao mula sa pagkaalipin sa kasalanan. Ang Mesias ay magiging Hari sa mga buhay ng mga tao at ibibigay Niya ang mga bagong patakaran upang kanilang ipamuhay.

*"Aking palilitawin sa kanila ang isang propeta sa gitna ng kanilang mga kapatid, na gaya mo; at aking ilalagay ang aking mga salita sa bibig niya, at kanyang sasalitain sa kanila ang lahat ng aking iuutos sa kanya. At mangyayari, na sinumang hindi makikinig sa aking mga salita na kanyang sasalitain sa aking pangalan, ay aking sisiyasatin yaon sa kanya." Deuteronomio 18:18, 19.*

Sa maraming taon, ang mga tao ay hinahatulan ayon sa Kautusang ibinigay ng Dios kay Moises. Sinulat ni Moises na ang mga kautusang ito ay mababago kung dumating ang Mesias. Ang bawa't isa ay hahatulan ayon sa sasabihin ng Mesias. Kaya ngayon kung nais nating malaman kung paano ibig ng Dios na tayo'y mamumuhay, ating basahin ang mga turo ni Jesus, ang kautusan ng Mesias.

### Gawin Mo Ito

1. Sino yaong dakilang propeta bago dumating si Jesus ang tumanggap ng mga kautusan ng Dios? ______________________

2. Sino yaong propetang katulad ni Moises?

   ______________________

## MGA PATAKARAN SA KAHARIAN NI JESUS

### Sino Ang Magiging Maligaya?

Sa may gilid ng bundok, si Jesus ay nagturo ng mga batayang simulain ng buhay para sa Kanyang mga tagasunod. Tinatawag natin ang Kanyang Mensahe,

"Ang Pangaral sa Itaas ng Bundok." Siya ay nangusap tungkol sa kaligayahang ibinibigay ng Dios.

*"Mapapalad ang mga mapagpakumbabang-loob: sapagka't kanila ang kaharian ng langit.*



*Mapapalad ang mga nangahahapis: sapagka't sila'y aaliwin.*
*Mapapalad ang mga maaamo: sapagka't mamanahin nila ang lupa.*
*Mapapalad ang mga nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran: sapagka't sila'y bubusugin.*
*Mapapalad ang mga mahahabagin: sapagka't sila'y kahahabagan.*
*Mapapalad ang mga may malinis na puso: sapagka't makikita nila ang Dios.*
*Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios.*
*Mapapalad ang mga pinag-uusig dahil sa katuwiran: sapagka't kanila ang kaharian ng langit.*
*Mapapalad kayo pagka kayo'y inaalimura, at kayo'y pinagwiwikaan ng sarisaring masama na pawang kasinungalingan, dahil sa akin.*
*Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: sapagka't malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagka't gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo"* Mateo 5:3-12.

## Mga Kaanib Ng Kaharian

Ibinigay ng Dios ang mga batayang simulain kung ano ang dapat gawin at ano ang hindi dapat gawin sa pamamagitan ni Moises. Ang mga yaon ay hindi nagbabago. Subali't ang kautusan ni Jesus ay ibayong higit kaysa sa kautusan ni Moises. Itinuro ni Moises sa mga tao kung ano ang nararapat gawin. Tinuruan tayo ni Jesus kung magiging ano tayo. Kinakailangang maging tulad tayo ng asin, nagbibigay ng mabuting lasa sa buhay; at katulad ng ilaw, nagpapakita sa mga tao ng daan patungo sa Dios.

*"Kayo ang asin ng lupa... 'Kayo ang ilaw ng sanlibutan... Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit" Mateo 5:13-16.*

Gawin Mo Ito

3. Kaninong kautusan ang may higit na kinalaman sa ginagawa ng tao? ________
4. Kaninong kautusan ang may kinalaman sa kalagayan ng tao? ________________
5. Sinabi ni Jesus, tayo ay katulad ng ________ at ng ________ ng sanlibutan.

## Patakaran Para Sa Mga Kaisipan At Mga Damdamin



Ang mga kautusan ni Moises ay pamantayan upang hatulan ang mga tao sa kanilang mga ginagawa. Si Jesus ay nagbibigay ng pamantayan na sa pamamagitan nito ay hahatulan ang kanyang sariling pakikitungo sa iba. Ang isang tao ay maaaring maging maingat na huwag siyang sumuway sa anuman sa kautusan, subali't maaaring siya'y maging punong-puno ng kasalanan. Ang mga makasalanang kaisipan, mga damdamin at mga nasain ay nagbubunga ng mga makasalanang kilos. Itinuturo ni Jesus na linisin din natin ang ating panloob na pagkatao upang makapamuhay tayo ng buhay na malinis.

*"Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: ako'y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin"* Mateo 5:17.

*"Narinig ninyo na sinabi sa mga tao sa una, Huwag kang papatay... Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't mapoot sa kanyang kapatid... at ang sinumang magsabi sa kanyang kapatid, Raca, ...at ang sinumang magsabi, Ulol ka, ay mapapasa panganib sa impierno ng apoy"* Mateo 5:21, 22.

*"Narinig ninyong sinabi, Huwag kang mangangalunya: Datapuwa't sinasabi ko sa iyo, na ang bawa't tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala na ng pangangalunya sa kanyang puso"* Mateo 5:27, 28.

### Gawin Mo Ito

6. Pananagutan ba natin sa Dios ang ating mga damdamin at mga kaisipan?
   _____ a) Hindi. Walang sinuman ang makapipigil sa anumang maiisip niya at madarama.
   _____ b) Oo. Ang ating mga kaisipan at mga damdamin ang nagbubunga ng ating mga kilos.

## Ang Batas Ng Pag-ibig

Ang pangunahing batas sa Kaharian ni Jesus ay ang batas ng pag-ibig: pag-ibig sa Dios at pag-ibig sa isa't isa.



*"Isa... na tagapagtanggol ng kautusan ay tinanong siya: 'Guro, alin baga ang dakilang utos sa kautusan?' At sinabi (ni Jesus) sa kanya, Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pag-iisip mo. Ito ang dakila at pangunang utos. At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapwa nga gaya ng iyong sarili. Sa dalawang utos na ito'y nauuwi ang buong kautusan, at ang mga propeta"* Mateo 22:35-40.

*"Narinig ninyong sinabi, "Iibigin mo ang iyong kapwa at kapopootan mo ang iyong kaaway: 'Datapwa't sinasabi ko sa inyo, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig; Upang kayo'y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit: Sapagka't pinasisikat niya ang kanyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap"* Mateo 5:43-45.

### Gawin Mo Ito

7. Muling basahin ang bahaging ito.
8. Isaulo mo ang dalawang kautusan ni Jesus na sinabi Niyang pinakadakila.

## PAG-IINGAT NG MGA PATAKARAN NI JESUS

Sinabi ni Jesus na ang ating buhay ay nababatay sa ating pag-iingat ng Kanyang mga patakaran. Ang mga ito ang siyang lihim ng isang buhay na maligaya, ngayon at maging pagkatapos ng kamatayan.

> *"At bakit tinatawag ninyo ako, Panginoon, Panginoon, at di ninyo ginagawa ang mga bagay na aking sinasabi? At bawa't lumalapit sa akin, at pinakikinggan ang aking mga salita, at ginagawa,... siya'y tulad sa isang taong nagtatayo ng bahay, na humukay at pinakalalim, at inilagay ang patibayan sa bato: at nang dumating ang isang baha, ay hinampas ng agos ang bahay na yaon, at hindi nakilos; sapagka't natitirik na mabuti. Datapuwa't ang dumirinig, at hindi ginagawa, ay tulad sa isang tao na nagtayo ng bahay sa lupa, na walang patibayan; laban sa yaon ay hinampas ng agos, at pagdaka'y nagiba; at malaki ang naging kasiraan ng bahay na yaon" Lucas 6:46-49.*



Ang tanging suliranin sa pagsisikap natin upang maingatan ang mga patakaran ni Jesus ay ito: walang sinuman ang makakaganap nito sa kanyang sariling kakayahan. Hindi tayo ginawang gayon. Tayo'y may mga kasalanan sa ating mga puso: kasakiman at paghihimagsik na humadlang sa ating pagsisikap na makasunod sa pamantayan ni Jesus. Ano ang maaari nating gawin?

Sinabi ni Jesus ang lihim kay Nicodemo, isang relihiyosong lider. Tayo'y babaguhin ng Dios upang magawa natin ang nais ni Jesus na ating gawin at ang Kanyang Espiritu Santo ay tutulong sa atin upang magawa natin ito. Tinawag ni Jesus ang pangyayaring ito na "muling kapanganakan." Naging mga anak tayo ng Dios at mayroon nang bagong kalikasan.

Milyun-milyong mga tao ang nagkaroon ng gayon ding karanasan. Natagpuan nila ang kahanga-hangang bagong buhay habang sumusunod sila kay Jesus. At sila'y umaasa na isang araw na darating ay makakapiling Siya doon sa maganda at walang

hanggang tahanan sa Langit.

Panalangin



*Dios, ayaw kong mawasak ang aking buhay. Alisin Mo po ang di-mabuting bagay sa aking likas. Baguhin Mo ako at mapasaakin nawa ang pag-ibig Mo. Tulungan Mo akong itatag ang aking buhay sa mga turo ni Jesus. Gawin Mo po na ako'y maging Iyong Anak. Amen.*

**Gawin Mo Ito**

**9. Sa talaan bilugan ang mga sinabi ni Jesus na ating gawin:**

| | |
|---|---|
| **Ibigin ang Dios** | **Humatol** |
| **Mamuhi** | **Magnakaw** |
| **Mabubuting gawa** | **Magalit** |
| **Idalangin ang kaaway** | **Magpatawad** |
| **Ibigin ang kapwa** | **Krimen** |
| **Sundin si Jesus** | **Pumatay** |

**10. Aling buhay ang makatatagal laban sa bagyo ng pagsubok at mananatili magpakailanman?**

**_____ a) Yaong natatag sa pagtalima sa mga kautusan ni Jesus.**

**_____ b) Yaong nagbibigay-lugod sa sarili lamang.**

**_____ c) Yaong natatag upang makapag-bigay-lugod sa ibang mga tao.**

**11. Kung ikaw ay ipinanganak nang muli, magpasalamat sa Dios dahil sa ginawa ka Niyang Kanyang anak. Kung ikaw ay hindi pa ipinanganganak na muli, nais mo ba? ________ Kung gayon, basahin mo ang panalangin sa itaas nang taos sa pusong nakikipag-usap sa Dios. Makipag-usap ka sa Kanya tungkol dito.**

## PINATAWAD NG ISANG AMA ANG KANYANG ANAK

Nagsalaysay si Jesus ng isang kasaysayan:

Madalas na nagsalaysay si Jesus ng maikling kasaysayang tinatawag na talinghaga upang magturo ng katotohanang espirituwal. Narito ang isa:

*"May isang tao na may dalawang anak na lalaki. At sinabi sa kanyang ama ng bunso, 'Ama, ibigay mo sa akin ang bahagi ng iyong kayamanang nauukol sa akin.' At binahagi niya sa kanila ang kanyang pagkabuhay. At hindi nakaraan ang maraming araw, ay tinipong lahat ng anak na bunso ang ganang kanya, at naglakbay sa isang malayong lupain; at doo'y inaksaya ang kanyang kabuhayan sa palunging pamumuhay. At nang magugol na niyang lahat, ay nagkaroon ng isang malaking kagutom sa lupaing yaon; at siya'y nagpasimulang mangailangan."*

*"At pumaroon siya at nakisama sa isa sa mga mamamayan sa lupaing yaon; at sinugo niya siya sa kanyang mga parang, upang magpakain ng mga baboy. At ibig sana niyang mabusog ang kanyang tiyan ng mga ipa na kinakain ng mga baboy; at walang taong magbigay sa kanya. Datapuwa't nang siya'y makapag-isip ay sinabi niya, 'Ilang mga alilang upahan ng aking ama ang may sapat at lumalabis na pagkain, at ako'y narito't namamatay ng gutom: Magtitindig ako at paroroon sa aking ama, at aking sasabihin sa kanya. Ama, nagkasala ako laban sa langit at sa iyong paningin: hindi na ako karapat-dapat na tawaging anak mo; gawin mo akong tulad sa isa sa iyong mga alilang upahan. At siya'y nagtindig, at pumaroon sa kanyang ama.*

*Datapuwa't samantalang nasa malayo pa siya, ay natanawan na siya ng kanyang ama, at nagdalang habag, at tumakbo, at niyakap siya sa leeg, at siya'y hinagkan. At sinabi ng anak sa kanya, 'Ama, nagkasala ako laban sa langit, at sa iyong paningin. Hindi na ako karapat-dapat na tawaging anak mo.' Datapuwa't sinabi ng ama sa kanyang mga alipin, 'Dalhin ninyo ritong madali ang pinakamabuting balabal, at isuot ninyo sa kanya; at lagyan ninyo ng singsing ang kanyang kamay,*

*at mga panyapak ang kanyang mga paa: at kunin ninyo ang pinatabang guya, at inyong patayin, at tayo'y magsikain, at mangagkatuwa: Sapagka't patay na ang anak kong ito, at muling nabuhay; siya'y nawala, at nasumpungan.' At sila'y nangagpasimulang mangagkatuwa."*



*"Nasa bukid nga ang anak niyang panganay: at nang siya'y dumating at malapit sa bahay, narinig niya ang tugtugin at ang sayawan. At pinalapit niya sa kanya ang isa sa mga alipin, at itinanong kung ano kaya ang mga bagay na yaon. At sinabi niya sa kanya, 'dumating ang kapatid mo; at pinatay ng iyong ama ang pinatabang guya dahil sa siya'y tinanggap niya na ligtas at magaling. Datapuwa't nagalit siya, at ayaw pumasok; at lumabas ang kanyang ama, at siya'y namanhik sa kanya. Datapuwa't siya'y sumagot at sinabi sa kanyang ama, Narito, maraming taon nang kita'y pinaglilingkuran, at kailanma'y hindi ako sumuway sa iyong utos; at gayon ma'y hindi mo ako binigyan kailanman ng isang maliliit na kambing, upang ipakipagkatuwa ko sa aking mga kaibigan. Datapuwa't nang dumating itong anak mong umubos ng iyong pagkabuhay sa mga patutot, ay ipinagpatay mo siya ng pinatabang guya."*

*"At sinabi niya sa kanya, Anak, ikaw ay palaging nasa akin, at iyo ang lahat ng akin. Datapuwa't karapat-dapat mangagkatuwa at mangagsaya tayo: sapagka't patay ang kapatid mong ito, at muling nabuhay; at nawala, at nasumpungan" Lucas 15:11-32.*

## Gawin Mo Ito

1. Punan ang mga puwang:

   Nagsalaysay si Jesus ng mga __________ upang tulungan ang mga tao na maunawaan ang mahahalagang katotohanang __________

May dalawang paraan ng pag-iiwan ng mana: sa pamamagitan ng isang habilin, o sa pamamagitan ng mga kaloob sa mga tagapagmana samantalang nabubuhay pa ang may-ari. Ibig na ibig na ng bunsong anak na lumisan ng tahanan upang matamasa ang buhay na malaya. Ibig niya na siya ang pumili ng magiging kaibigan. Ayaw niya na masabihan ng kanyang ama't kapatid ng dapat gawin. Kaya't ibinigay naman ng ama ang kanyang bahagi sa mana at siya'y lumisan.



Habang may salapi siya, marami siyang mga kaibigan. Nang maubos na ang kanyang salapi, nawala na rin ang "mga kaibigang" ito. Sa wakas, halos mamatay ng gutom at nainggit sa mga baboy na inalagaan niya, napagkilala niya ang malaking kamangmangang nagawa niya. Nagbalik siya sa kanila na nagsisisi ng kanyang kasalanan, at humihingi ng kapatawaran. Ang inaasahan niya'y bibigyan siya ng kanyang ama ng anumang gawain.

Nguni't gayon na lamang ang pagkamangha niya nang ang dati niyang kalagayan sa pamilya ay ibalik sa kanya. Hindi siya karapat-dapat sa ganitong kabutihan subali't mahal pa rin siya ng kanyang ama sa kabila ng kanyang kasalanan.

Sa talinghagang ito, ang ama'y kumakatawan sa ating Amang nasa Langit -- ang Dios. Ang mga anak ay ang dalawang uri ng mga taong naliligaw. Ang bunso'y ang makasalanang nagsisisi sa kanyang nagawang kasalanan at nagbabalik-loob sa Dios upang humingi ng tawad.

Ang panganay, na nagmamalaking siya'y mabuti at ipinagmamakahiya ang kanyang kapatid na bunso, ay naglingkod nga sa kanyang ama. Nguni't ang pagsasalita niya'y nagbadyang hindi siya talagang umiibig. Sa kaibuturan ng kanyang puso, kasinlayo niya ang kapatid na bunsong nasa ibang lupain.

Kinakatawan niya yaong nagmamalaki na sila'y mabuti at hindi nagugunitang makasalanan din sila na nangangailangan ng kapatawaran ng Dios. Ang kapalaluan, pamimintas, at di-pagpapatawad ay maaaring maging higit na mabigat na kasalanan kaysa nagawa ng bunsong anak sa malayong lupain.

Nasuway nating lahat ang ating Ama sa Langit at nakagawa tayo ng pagkakamali. Hindi tayo karapat-dapat sa Langit. Subali't inaanyayahan Niya tayong lumapit sa Kanya upang magkamit ng kapatawaran.

*"Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan datapuwa't ang kaloob na walang bayad ng Dios ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na Panginoon natin" Roma 6:23.*

**Gawin Mo Ito**

2. Bakit nilisan ng bunsong anak ang kanilang tahanan?
   _____ a) Upang humanap ng magandang hanapbuhay.
   _____ b) Upang maglingkod sa sangkatauhan.
   _____ c) Upang makapamuhay sa sariling kaparaanan.

3. Bakit siya nagbalik sa kanila?
   _____ a) Upang humingi pa ng salapi.
   _____ b) Upang humingi ng tawad sa kanyang ama at ng gawain.
   _____ c) Upang ibalita sa kanila ang lunsod.

4. Sino ang nangangailangan ng pagpapatawad ng Dios?
   _____ a) Lahat, ang lahat ay nagkasala.
   _____ b) Yaon lamang masasamang tao.
   _____ c) Yaong nakatira sa lunsod.

5. Sauluhin ang Roma 6:23.

6. Nagkasala ka ba? Ibig mo bang ikaw'y patawarin ng Dios? __________________

Gawin Mo Ito

7. Sauluhin ito: "Ama... nagkasala ako laban sa Langit... hindi na ako karapat-dapat na tawaging anak Mo." Ang sinabing ito ng anak na bunso'y maaari mong gawing panalangin ngayon. Anuman ang nagawa mo, tatanggapin ka ng Dios sa Langit at patatawarin, sapagka't mahal ka Niya.

## DAPAT TAYONG MAGPATAWAD

Itinuro ni Jesus na kung ibig nating patawarin tayo ng Dios, dapat nating patawarin yaong nagkakasala sa atin. Ang paghihinakit ay kasalanan at ugat ng ibang kasalanan. Nagbubunga ito ng kapaitan, pamimintas, poot, pag-aaway, at pati pagpatay. Hangga't nanghahawak tayo sa ating mga kasalanan ay hindi tayo patatawarin. Bumitiw tayo at bayaang ito'y alisin ng Dios. Sinabi ni Jesus:

*"Kung hindi ninyo ipatawad sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay hindi rin naman kayo patatawarin ng inyong Ama ng inyong mga kasalanan" Mateo 6:15.*

Gawin Mo Ito

8. May nagkasala ba sa iyo? ____ Patulong sa Dios upang ikaw'y makapagpatawad at makalimot.

## SI JESUS AY NAGPAPATAWAD NG MGA KASALANAN

Naparito sa sanlibutan si Jesus sa dalawang kadahilanan:

1. Upang ituro sa atin ang tungkol sa Dios at sa Kanyang pag-ibig.
2. Upang akuin ang ating mga kasalanan at mamatay sa lugar natin nang tayo'y mapatawad.



May karapatang magpatawad si Jesus sa sinumang lumalapit sa Kanya na nagnanais ng kapatawaran, yamang Siya'y namatay para sa lahat ng makasalanan. Maraming makasalanan ang pinatawad ni Jesus at lubos Niyang binago ang kanilang buhay. Isa sa mga ito'y ang makasalanang babae na nakarinig marahil sa Kanyang pangangaral at ibig ipamalas ang kanyang pasasalamat. Nagtungo siya sa bahay ni Simong nag-anyaya kay Jesus at sa mga alagad upang sa kanila maghapunan. Tumatangis niyang pinagsisihan ang kanyang mga kasalanan sa may paanan ni Jesus. Nabigla si Simon nang makitang pinapayagan ni Jesus na hipuin ng isang babaing makasalanan ang Kanyang mga paa. Ang wika ni Jesus sa kanya:

*"Isang may pautang ay may dalawang may utang sa kanya: at ang isa'y may utang na limandaang denaryo, at ang isa'y limampu. Nang sila'y walang maibayad, ay kapwa pinatawad niya. Alin nga sa kanila ang lalong iibig sa kanya? Sumagot si Simon at sinabi, Inaakala ko na yaong pinatawad niya ng lalong malaki. At sinabi niya sa kanya, Matuwid ang pagkahatol mo. At paglingon sa babae, ay sinabi niya kay Simon, Nakikita mo baga ang babaing ito? Pumasok ako sa iyong bahay, hindi mo ako binigyan ng tubig na ukol sa aking mga paa; datapuwa't dinilig niya ang aking mga paa ng kanyang mga luha, at kinuskos ng kanyang buhok. Hindi mo ako binigyan ng halik: datapuwa't siya, buhat nang ako'y pumasok ay hindi humihinto ng paghalik sa aking mga paa; Hindi mo pinahiran ng langis ang aking ulo: datapuwa't pinahiran niya ng unguento ang aking mga paa. Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Ipinatatawad ang kanyang maraming kasalanan: sapagka't siya ay umibig ng malaki: datapuwa't sa pinatatawad ng kaunti, ay kakaunti ang pag-ibig. At sinabi niya sa babae, Ipinatatawad ang iyong mga kasalanan. At ang mga kasalo niyang nangakaupo sa dulang ng pagkain ay nagpasimulang nangasabi sa kanilang sarili, Sino ito, na nagpapatawad pati ng mga kasalanan? At sinabi niya sa babae, Iniligtas ka ng iyong pananampalataya: yumaon kang payapa" Lucas 7:41-50.*

Galak na galak ang babae nang siya'y patawarin ni Jesus! Kakamtin din ng Pariseo at ng kanyang mga kaibigan ang kagalakan at kapatawarang ito kung kikilalanin nilang sila'y makasalanan. Sila'y mga palalo at ipinagmamalaki nila ang kanilang mabubuting gawa.



Ang tanong ng mga Pariseo, "Sino ito, na nagpapatawad pati ng mga kasalanan?" Sino ang nagpapatawad ng mga kasalanan? Ang Anak ng Dios -- ang Panginoong Jesucristo. Hanggang ngayo'y patatawarin Niya ang mga lumalapit sa Kanya. Tayo'y dapat magpatirapa sa Kanyang paanan, na kinikilalang tayo'y makasalanan, at pinagsisisihan ang ating mga kasalanan at nagnanais na maalis ito. Sa kaibuturan ng ating puso'y naririnig nating sinasabi Niya, "Pinatatawad ang iyong mga kasalanan. Iniligtas ka ng iyong pananampalataya; yumaon kang mapayapa." Ang pagpapatawad ni Jesus ay naghahatid sa atin ng kagalakan, kapayapaan, at isang bagong buhay.

O maari tayong tumulad sa mga Pariseo at magkunwang hindi tayo makasalanan. Habang ang ganito'y ginagawa natin, hindi tayo tatanggap ng kapatawaran ng ating mga kasalanan. Dapat nating ipahayag ito kay Jesus at ihingi ng tawad. Dapat munang mapatawad ang iyong mga kasalanan bago ka magkaroon ng buhay na walang hanggan.

## ISANG PAKANA LABAN KAY JESUS

Galit kay Jesus ang pangunahing mga lider ng pananampalataya sapagka't nangaral Siya laban sa kanilang mga kasalanan. Naninibugho sila sapagka't sinusundan Siya ng karamihan. Nagpagaling Siya ng mga may sakit at bumuhay ng ilang patay. Tinupad ni Jesus ang mga hula tungkol sa Mesias. Subali't ayaw pa ring maniwala sa Kanya ng mga lider na ito. Binalak nilang ipadakip si Jesus, paratangan ng paghihimagsik sa pamahalaan, at ipapatay. Gayunman, takot sila sapagka't kung hayagan nilang darakpin si Jesus, ipagtatanggol Siya ng mga tao. Kaya't sinuhulan nila ang isa sa mga alagad Niya, si Judas Iscariote, upang dalhin sila sa kinaroroonan ni Jesus kung gabi.

### Gawin Mo Ito

1. Sino ang mga kaaway ni Jesus?
   _____ a) Ang karaniwang mamamayan
   _____ b) Ilan sa mga lider ng pananampalataya
   _____ c) Ang mga pinuno ng pamahalaang Romano

## ANG PASKUWA

Ang Paskuwa ay isang pagdiriwang bilang paggunita sa pagpapalaya ng Dios sa Kanyang bayan mula sa pagkaalipin. Taun-taon, pinapatay ang isang korderong pampaskuwa bilang handog para sa kasalanan. Ito ang larawan ng nalalapit na kamatayan ni Jesus. Nang simulan Niya ang Kanyang ministeryo, ipinakilala Siya ni Juan Bautista bilang "Kordero ng Dios na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan." Upang magawa ito, kailangang akuin Niya ang kaparusahan para sa ating kasalanan at mamatay na kapalit natin. Pagkatapos na makakain ng hapunang pampaskuwa si Jesus at ang mga alagad, lumabas na si Judas upang ipagkanulo Siya.

**Gawin Mo Ito**

**2. Paano ipinakikilala ni Juan si Jesus?**

**_____ a) Bilang Anak ng Dios.**

**_____ b) Bilang Kordero ng Dios na nag-aalis ng kasalanan.**

**_____ c) Bilang ipinangakong Mesias.**

## SI JESUS SA GETSEMANI

### Nanalangin Si Jesus

Alam ni Jesus na ipagkakanulo Siya ni Judas. Maaari Siyang tumakas, nguni't naparito Siya sa sanlibutan upang mamatay na kapalit natin. Sinabi Niya sa mga alagad na ipapako Siya sa krus at sa ikatlong araw ay muling mabubuhay. Pagkahapunan, isinama Niya ang mga alagad sa Hardin ng Getsemani. Dito sila madalas magtungo upang manalangin.



*"At nagsirating sila sa isang dako na tinatawag na Getsemani: at sinabi Niya sa Kanyang mga alagad, Magsiupo kayo rito, samantalang Ako'y nananalangin. At Kanyang isinama si Pedro at si Santiago at si Juan, at nagpasimulang nagtakang totoo, at namanglaw na mainam. At sinabi Niya sa kanila, Namamanglaw na lubha ang Aking kaluluwa, hanggang sa kamatayan: mangatira kayo rito, at mangagpuyat. At lumakad Siya sa dako pa roon, at nagpatirapa sa lupa, at idinalangin na, kung mangyayari, ay makalampas sa Kanya ang saro. At Kanyang sinabi, Abba, Ama, may pangyayari sa Iyo ang lahat ng mga bagay; ilayo Mo sa Akin ang sarong ito: gayon ma'y hindi ang ayon sa ibig Ko, kundi ang ayon sa ibig Mo" Marcos 14:32-36.*

Napakahirap para kay Jesus, na kailanma'y di-nagkasala, na umako sa lahat ng kasalanan ng mga tao sa sanlibutan. Nguni't ibig Niyang maligtas ang

bawa't isa sa atin. Walang ibang paraan upang magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan, kaya't namatay Siya para sa ating mga kasalanan.

Gawin Mo Ito

**3. Sauluhin ang sinabi ni Jesus: "Hindi ang ayon sa ibig Ko, kundi ang ayon sa ibig Mo."**

### Si Jesus Ay Dinakip

Habang nananalangin si Jesus, dumating ang mga anghel upang Siya'y pasiglahin at palakasin. Nakatulog na ang mga alagad Niya sa dakong huli, ginising Niya sila upang ipabatid na sumapit na ang oras. Pinangungunahan ni Judas ang isang karamihang dadakip sa Kanya.

*"At sinabi ni Jesus sa mga pangulong saserdote, at sa mga punong kawal sa templo, at sa mga matanda, na nagsidating laban sa Kanya, Kayo'y nagsilabas, na tila laban sa isang tulisan, na may mga tabak at mga panghampas? Nang Ako'y kasama ninyo sa templo araw-araw ay hindi ninyo iniunat ang inyong mga kamay laban sa Akin... At kanilang dinakip Siya, at dinala Siya, at ipinasok Siya sa bahay ng pangulong saserdote" Lucas 22:52-54.*

Gawin Mo Ito

**4. Sinong alagad ang nagkanulo kay Jesus?**

______________________________

## SI JESUS SA PAGLILITIS

Anim na ulit na nilitis si Jesus:
1. Sa harapan ng isang dating mataas na saserdote.
2. Sa harapan ng kasalukuyang mataas na saserdote.
3. Sa harapan ng mga pinunong Judio.
4. Sa harapan ni Pilato, ang gobernador na Romano.
5. Sa harapan ni Herodes, gobernador ng isang karatig na bayan.
6. Sa harapan ni Pilato, sa pangalawang pagkakataon.

*"At pagdaka, pagkaumaga ay nangagsang-usapan ang mga pangulong saserdote pati ng matatanda at mga eskriba, at ang buong Sanedrin; at ginapos si Jesus, at inilabas Siya, at ibinigay Siya kay Pilato"* Marcos 15:1.



*"At nangagpasimula silang isumbong Siya, na sinasabi, Nasumpungan namin ang taong Ito na pinasasama ang aming bansa, at ipinagbabawal na bumuwis kay Cesar, at sinasabi na Siya rin nga ang Cristo, ang Hari. At tinanong Siya ni Pilato, na nagsasabi, Ikaw baga ang Hari ng mga Judio? At sumagot Siya at sinabi, Ikaw ang nagsasabi"* Lucas 23:2, 3.

*"Sumagot si Jesus, ang kaharian Ko ay hindi sa sanlibutang ito: kung ang kaharian Ko ay sa sanlibutang ito, ang Aking mga alipin nga ay makikipagbaka, upang Ako'y huwag maibigay sa mga Judio..."*

*"Lumabas siyang (Pilato) muli sa mga Judio, at sa kanila'y sinabi, Wala akong masumpungang anumang kasalanan sa Kanya. Nguni't kayo'y may ugali, na pawalan sa inyo ang isa sa paskuwa: ibig nga baga ninyong sa inyo'y pakawalan ko ang Hari ng mga Judio? Sila nga'y nangagsigawang muli, na nangagsasabi, Huwag ang taong ito, kundi si Barrabas, Si Barrabas nga'y isang tulisan"* Juan 18:36-40.

*"At sumagot na muli si Pilato sa kanila, "Ano nga ang aking gagawin sa inyong tinatawag na Hari ng mga Judio? At sila'y muling nagsigawan, Ipako Siya sa krus."*

*At sinabi sa kanila ni Pilato, Bakit anong masama ang Kanyang ginawa? Datapuwa't sila'y lalong nagsigawan, "Ipako Siya sa krus." At sa pagkaibig ni Pilato na magbigay-loob sa karamihan, ay pinawalan sa kanila si Barrabas, at ibinigay si Jesus, pagkatapos na Siya'y mahampas niya, upang Siya'y ipako sa krus"* Marcos 15:12-15.

**Gawin Mo Ito**

5. Sinong gobernador ang lumitis kay Jesus?

______________________________

6. Ano ang sinabi ng gobernador?
   _____ a) Natagpuan kong nagkasala Siya.
   _____ b) Wala akong makitang anumang kasalanan upang Siya'y aking parusahan.
   _____ c) Tapos na ang kaso.

## SI JESUS AY IPINAKO SA KRUS

### Natupad Ang Mga Hula

Nagsinungaling ang mga kaaway ni Jesus sa Kanyang paglilitis. Inuyam Siya ng mga kawal, dinuran at hinampas. Inilabas nila Siya sa lansangan na kasama ng dalawang salarin, bawa't isa'y may pasang krus paakyat sa burol na tinatawag na Kalbaryo. Ipinako nila ang Kanyang mga kamay at paa sa krus saka Siya ibinayubay, na napaligiran ng nang-uuyam na karamihan. Ito ang Anak ng Dios, at sila ang mga taong dahilan ng Kanyang pagkamatay — mga makasalanang dapat maligtas mula sa walang hanggang kamatayan. Matatawag Niya ang Dios upang magpaulan ng apoy mula sa Langit at puksain silang lahat, nguni't sa halip ay idinalangin Niya: "Ama, patawarin Mo po sila, sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa."



Isinulat ni Isaias na ang Mesias ay mamamatay para sa kasalanan ng mga tao:

*"Nguni't Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, Siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa Kanya; at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo... sa pamamagitan ng*

*kapighatian at kahatulan ay dinala Siya... Siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay: dahil sa pagsalansang ng aking bayan ay nasaktan Siya" Isaias 53:5-8.*

Isinulat din ng ibang mga propeta na ipagkakanulo Siya ng isang kaibigan, bubutasin ang Kanyang mga palad, sasaktan Siya. Uuyamin Siya ng mga tao, bibigyan ng suka upang inumin, at pagsasapalaran ang Kanyang damit. Nangyaring lahat ito nang ipako sa krus si Jesus gaya ng sinabi ng mga propeta.

**Gawin Mo Ito**

**7. Basahing makaitlo ang hula ni Isaias.**

## Ang Kamatayan Ni Jesus



Hindi lahat ng nakamasid sa pagkamatay ni Jesus ay umuyam sa Kanya. Isa sa dalawang magnanakaw ang sumampalataya sa Kanya at naligtas noon at doon din sa krus sa tabi ni Jesus.

*"At sinabi niya, Jesus alalahanin Mo ako, pagdating Mo sa Iyong kaharian. At sinabi Niya sa kanya, Katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Ngayon ay kakasamahin Kita sa paraiso" Lucas 23:42, 43.*

*"At nang may oras na ikaanim na, ay nagdilim sa ibabaw ng buong lupa, hanggang sa oras na ikasiyam; at nagdilim ang araw, at nahapak sa gitna ang tabing ng templo. At si Jesus, na sumigaw ng malakas na tinig, ay nagsabi, Ama, sa mga kamay Mo ay ipinagtatagubilin Ko ang Aking espiritu. At pagkasabi nito ay nalagot ang hininga" Lucas 23:44-46.*

*"Ang senturion nga, at ang mga kasamahan niya sa pagbabantay kay Jesus, nang mangakita nila ang lindol, at ang mga bagay na nangyari, at lubhang nangatakot, na nangagsasabi, Tunay na Ito ang Anak ng Dios" Mateo 27:54.*

## SI JESUS AY INILIBING

Sina Nicodemo at Jose ng Arimatea, na mga lider ng pananampalataya at nananampalataya kay Jesus, ay humingi ng pahintulot mula kay Pilato upang mailibing si Jesus. Alam nilang patay na Siya sapagka't iniutos nilang ulusin ng mga kawal ang Kanyang tagiliran upang matiyak na Siya'y wala nang hininga. Binalot ng kasuutan ng patay ang bangkay, inilagay sa yungib, isang bagong libingan, saka tinakpan ng malaking bato ang bungangang pasukan. Nagunita ni Nicodemo ang sinabi ni Jesus: na Siya'y dapat "mataas," mapako sa krus.

*"At kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, ay gayon kinakailangang itaas ang Anak ng Tao; upang ang sinumang sumampalataya ay magkaroon sa kanya ng buhay na walang hanggan. Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak upang ang sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" Juan 3:14-16.*

Nagunita ng mga kaaway ni Jesus na sinabi Niya, "Ako'y magbabangon sa ikatlong araw." Sinabi nila kay Pilato na magsugo ng mga kawal upang bantayan ang libingan upang walang makapagnakaw sa bangkay ni Jesus at sabihin pagkatapos na si Jesus ay nagbangon.

### Gawin Mo Ito

1. Sino ang naglibing kay Jesus?
   ________________ at ________________
   ng ________________
2. Sinabi ni Jesus na magbabangon Siyang muli pagkaraan ng ilang araw? ____________
3. Sauluhin ang sinabi ni Jesus kay Nicodemo sa Juan 3:14-16.

Umagang-umaga ng araw ng Linggo, ikatlong araw pagkatapos ipako sa krus si Jesus, ay muling nabuhay.

*"Nang magtatapos ang araw ng sabbath, nang nagbubukang-liwayway na ang unang araw ng sanlinggo, ay nagsiparoon si Maria Magdalena at ang isa pang Maria upang tingnan ang libingan. At narito, lumindol nang malakas, sapagka't bumaba mula sa langit ang isang anghel ng Panginoon, at naparoon at iginulong ang bato, at nakaupo sa ibabaw nito... At sa takot sa kanya'y nagsipanginig ang mga bantay, at nangaging tulad sa mga taong patay."*



*"At sumagot ang anghel at sinabi sa babae, Huwag kayong mangatakot. Sapagka't nalalaman ko na inyong hinahanap si Jesus na ipinako sa krus. Siya'y wala rito; sapagka't Siya'y nagbangon, ayon sa sinabi Niya. Magsiparito kayo, tingnan ninyo ang dakong kinalagyan ng Panginoon. At magsiyaon kayong madali, at sa Kanyang mga alagad ay sabihin ninyo, Siya'y nagbangon sa mga patay... at sila'y... nagsitakbo upang ibalita sa Kanyang mga alagad. At narito, sila'y sinalubong ni Jesus, na nagsasabi, Mangagalak kayo, At sila'y nagsilapit at niyakap ang Kanyang mga paa, at Siya'y sinamba" Mateo 28:1-9.*

Napakita si Jesus sa Kanyang mga kaibigan nang makalimang ulit nang araw na iyon. Nakapapasok Siya sa mga pinid na pinto at nakalilitaw o nawawala kailanma't ibigin Niya sapagka't mayroon na Siyang isang binago at niluwalhating katawan.

*Nang kinahapunan nga, nang araw na yaon, na unang araw ng sanlinggo, at nang nangapipinid ang mga pintong kinaroroonan ng mga alagad, dahil sa katakutan sa mga Judio ay dumating si Jesus at tumayo sa gitna at sa kanila'y sinabi, Kapayapaan ang sumainyo" Juan 20:19.*

Nang una'y inakala ng mga alagad na may nakikita silang multo. Subali't nang mahipo nila ang katawan ni Jesus at Siya'y makasalo sa pagkain, nalaman nila na tunay ngang Siya'y nabuhay na muli. Si Tomas, isa sa mga alagad, ay hindi nila kasama noon kaya't ayaw nitong maniwala sa sinabi nila. Nang sumunod na linggo, habang sila'y magkakasama, biglang tumayo si Jesus sa kalagitnaan nilang muli.



*"Nang magkagayo'y sinabi Niya kay Tomas, Idaiti mo rito ang iyong daliri, at tingnan mo ang Aking mga kamay; at idaiti mo rito ang iyong kamay, at isuot mo sa Aking tagiliran: at huwag kang di mapanampalatayahin. Sumagot si Tomas, at sa Kanya'y sinabi, Panginoon ko at Dios ko. Sinasabi sa kanya ni Jesus, Sapagka't Ako'y nakita mo ay sumampalataya ka: mapapalad yaong hindi nangakakita at gayon ma'y nagsisampalataya" Juan 20:27-29.*

Ang sinabing ito ni Jesus ay para sa atin, lalo na. Hindi natin Siya kailangang makita upang sampalatayanan nating Siya nga'y nagbangong muli. Sa pana-panahon, sa loob ng apatnapung araw, nagpakita Siya sa mga alagad at nagturo sa kanila. Isinulat nila sa Biblia ang tungkol dito. Hinampas sila at ibinilanggo ng mga kaaway dahil sa pagsasabing muling nabuhay si Jesus. Nguni't alam nilang ito'y totoo. Pinili nilang mamatay kaysa - sabihing iyon ay hindi katotohanan. Sila'y mga saksi sa pagkabuhay na muli ni Jesus.

**Gawin Mo Ito**

**4. Anong araw ng sanlinggo nagbangong muli si Jesus? ______________**

**5. Ilang araw namalagi si Jesus sa lupa at nagpakita sa mga tagasunod Niya? ______**

**6. Ano ang itinawag ni Tomas kay Jesus?**

**______________________**

Gawin Mo Ito

7. Anong katibayan ang ibinigay Niya upang patunayang hindi Siya espiritu lamang?
_____ a) Sinabi Niya sa kanila na paniwalaan ang sinasabi Niya.
_____ b) Kumain Siyang kasalo nila at sinabi Niya sa kanila na hipuin ang Kanyang katawan.
_____ c) Wala Siyang ibinigay na katibayan.

## SINABI NI JESUS ANG KANYANG PANUKALA

**Ang panukala ni Jesus ay dapat maging saksi ang bawa't mananampalataya upang sabihin sa iba ang tungkol sa Kanya. Aniya:**

*"Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa akin. Dahil dito, magsiyaon nga kayo at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo. Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos Ko sa inyo" Mateo 28:18-20.*

**Alam ni Jesus na mabibigo ang Kanyang mga alagad malibang taglay nila ang kapangyarihan ng Espiritu Santo sa pagsasakatuparan ng Kanyang panukala. Kaya't sinabi Niya:**



*"Ganyan ang pagkasulat, na kinakailangang maghirap ang Cristo, at magbangong muli sa mga patay sa ikatlong araw; at ipangaral sa Kanyang pangalan ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa lahat ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem. Kayo'y mga saksi... datapuwa't magsipanatili kayo sa bayan, hanggang sa kayo'y masangkapan ng kapangyarihang galing sa itaas" Lucas 24:46-49.*

Gawin Mo Ito

8. Makalimang ulit na basahin ang sinabi ni Jesus sa Mateo 28:18-20; Lucas 24:46-49.

9. Sa panukala ni Jesus, lahat ng sumampalataya sa Kanya ay
   _____ a) dapat magtatag ng kahariang pampulitika.
   _____ b) magtamasa ng kaligtasan.
   _____ c) magiging mga saksi ni Jesus.

10. Ano ang kailangan ng mga tagasunod ni Jesus upang sila'y maging mga saksi?
   _____ a) Ang kapangyarihan ng Espiritu Santo.
   _____ b) Pahintulot ng pamahalaan.
   _____ c) Matitibay na gusali.

## SI JESUS AY UMAKYAT SA LANGIT

*"At sinabi Niya sa kanila -- tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi Ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahuli-hulihang hangganan ng lupa. At pagkasabi Niya ng mga bagay na ito, nang Siya'y tinitingnan nila, ay dinala Siya sa itaas; at Siya'y tinanggap ng isang alapaap, at ikinubli sa kanilang mga paningin. At samantalang tinititigan nila ang Langit habang Siya'y lumalayo, narito may dalawang lalaking nangakatayo sa tabi nila na may puting damit, na nangsasabi naman, Kayong mga lalaking taga-Galilea, bakit kayo'y nangakatayong tumitingin sa Langit? Itong si Jesus, na tinanggap sa Langit mula sa inyo, ay paparitong gaya ng inyong nakitang pagparoon Niya sa Langit" Mga Gawa 1:7-11*

Habang pabalik sa Jerusalem ang mga alagad upang hintayin ang Espiritu Santo, pinag-iisipan nila ang sinabi sa kanila ni Jesus:



*"Sa bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan... Ako'y paroroon upang ipaghanda Ko kayo ng dakong kalalagyan... muling paririto Ako, at kayo'y tatanggapin Ko sa Aking sarili; upang kung saan Ako naroroon, kayo naman ay dumuon" Juan 14:2, 3.*

Gawin Mo Ito

11. Paano umakyat sa Langit si Jesus?
    _____ a) Pumailanlang ang Kanyang katawan.
    _____ b) Sumakay Siya sa sasakyang pangkalawakan.
    _____ c) Nawala na lamang Siya't sukat.

12. Ano ang ipinangakong gagawin ni Jesus?
    _____ a) Hihintayin ang mga alagad.
    _____ b) Ipadadala Niya ang Espiritu Santo.
    _____ c) Maghahari Siya sa sanlibutan.

## TINUTUPAD NI JESUS ANG KANYANG MGA PANGAKO

Sampung araw matapos umakyat sa Langit si Jesus, dumating ang Espiritu Santo at pinuspos ang mga mananampalataya. Mula noon, nagkaroon sila ng kapangyarihang sabihin sa iba ang tungkol kay Jesus. Ibinilanggo sila at binugbog subali't patuloy silang sumaksi. Nilisan nila ang Jerusalem upang makaligtas, nguni't saanman sila makarating ay ipinahahayag nila ang mabuting balita tungkol sa Tagapagligtas. Tinupad ni Jesus ang Kanyang pangako. Pinupuspos pa rin Niya ng Espiritu Santo ang mga mananampalataya at binibigyan ng kapangyarihang maging mga saksi Niya. Tutuparin ni Jesus ang Kanyang pangakong muling magbabalik. Hinihintay natin ang Kanyang pagdating, at hindi na magtatagal.

*"Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na mag-uli. Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailanman" 1 Tesalonica 4:16, 17.*

Handa ka na ba sakaling si Jesus ay dumating ngayon? Kung ibig mo, magagamit mo ang panalanging ito:

Panalangin



*Jesus, tinatanggap Kita bilang aking Tagapagligtas at Panginoon ng aking buhay. Patawarin Mo ako sa lahat ng aking kasalanan. Puspusin Mo ako ng Iyong Espiritu Santo. Tulungan Mo akong masabi sa iba ang tungkol sa Iyo. Maging sa ako'y mamatay o mabuhay hanggang sa pagdating Mo, kunin Mo ako upang makasama Mo magpakailanman sa Iyong tahanan sa Langit.*

*Ang Pangalan Mo* ______________________________

**Gawin Mo Ito**

**13. Limang ulit mong basahin ang 1 Tesalonica 4:16, 17. Handa ka na ba para sa pagdating ni Jesus?** ______________________________

# Patalastas!

*Mapag-aaralan ang mga aralin nang isahan o kasama ng grupo na tinatawag na "Learning Center." Naghahandog ang ICI Ministries, Inc., ng mga kursong isinalin sa Tagalog, Ilocano, Cebuano at Hiligaynon.*

*Aming iminumungkahi na pagkatapos mo ng anim na mga aralin ng "Mga Tampok Na Pangyayari Sa Buhay Ni Cristo" isusunod mong pag-aralan ang kurso na pinamagatang "Ang Iyong Matulunging Kaibigan."*




**ICI Ministries, Inc.**
**P.O. Box 13461, Ortigas Center**
**1605 Pasig City, Metro Manila, PI**
Website: **www.iciphilippines.org**
E-mail: **info@iciphilippines.org**

# Serye ng Mga Tampok na Pangyayari sa Buhay ni Cristo

## Aralin

1. *Jesus - Ang Pinakadakilang Handog ng Dios*
2. *Jesus - Ang Dakilang Guro*
3. *Jesus - Propeta at Hari*
4. *Itinuturo ni Jesus ang Pagpapatawad*
5. *Si Jesus ay Namatay na Kapalit Natin*
6. *Si Jesus - Ang Nagbangong Panginoon*

ICI MINISTRIES


P.O. Box 13461, Ortigas Center, 1605 Pasig City,
Metro Manila, PI
info@iciphilippines.org www.iciphilippines.org


**Mapag-aaralan ang mga araling ito sa ICI website.**

# MGA TAMPOK NA PANGYAYARI SA BUHAY NI CRISTO
# P A G S U S U L I T

## ARALIN 5

### SI JESUS AY NAMATAY NA KAPALIT NATIN

1. Sino ang mga kaaway ni Jesus?
   _____ a) Ang karaniwang mamamayan.
   _____ b) Ilan sa lider ng pananampalataya.
   _____ c) Ang mga pinuno ng pamahalaang Romano.

2. Paano ipinakilala ni Juan si Jesus?
   _____ a) Bilang Anak ng Dios.
   _____ b) Bilang Kordero ng Dios na nag-aalis ng kasalanan.
   _____ c) Bilang ipinangakong Mesias.

3. Sinong alagad ang nagkanulo kay Jesus?
   ____________________________

4. Sinong gobernador ang lumitis kay Jesus?
   ____________________________

5. Ano ang sinabi ng gobernador?
   _____ a) Natagpuan kong nagkasala Siya.
   _____ b) Wala kong makitang anumang kasalanan upang Siya'y aking parusahan.
   _____ c) Tapos na ang kaso.

6. Isulat ang iyong pangalan sa mga puwang:
   Nang si Jesus mamatay sa krus, Siya'y namatay para sa kasalanan ni ____________
   Inako ni Jesus ang kaparusahang nararapat kay ____________________ upang si ____________________ ay maligtas at magtamasa ng buhay na walang hanggan.

Salamat sa Iyo, Dios, sa pagsugo Mo ng Iyong Anak upang kumuha ng lugar ni ____________

## ARALIN 6

### SI JESUS - ANG NAGBANGONG PANGINOON

1. Sino ang dalawang relihiyosong lider na naglibing kay Jesus?
   a) ____________________, at
   b) ____________________ ng ____________________

2. Sinabi ni Jesus na magbabangon Siyang muli pagkaraan ng ilang araw? ____________

3. Ano ang sinabi ni Jesus kay Nicodemo sa Juan 3:14-16? ____________________
   ____________________
   ____________________
   ____________________
   ____________________
   ____________________

4. Anong araw ng sanlinggo nagbangong muli si Jesus?
   ____________________

5. Ilang araw namalagi si Jesus sa lupa at napakita sa mga tagasunod Niya? ____________

6. Anong katibayan ang ibinigay Niya upang patunayang hindi Siya espiritu lamang?
   _____ a) Sinabi Niya sa kanila na paniwalaan ang sinasabi Niya.
   _____ b) Kumain Siyang kasalo nila at sinabi Niya sa kanila na hipuin ang Kanyang katawan.
   _____ c) Wala Siyang ibinigay na katibayan.

7. Ano ang itinawag ni Tomas kay Jesus?
   ____________________

8. Sa panukala ni Jesus, lahat ng sumampalataya sa Kanya ay
   _____ a) dapat magtatag ng kahariang pampulitika.
   _____ b) magtamasa ng kaligtasan.
   _____ c) magiging saksi ni Jesus.

## ARALIN 6

9. Ano ang kailangan ng mga tagasunod ni Jesus upang sila'y maging mga saksi?
   _____ a) Ang kapangyarihan ng Espiritu Santo.
   _____ b) Pahintulot ng pamahalaan.
   _____ c) Matitibay na gusali.

10. Paano umakyat sa Langit si Jesus?
   _____ a) Pumailanlang ang Kanyang katawan.
   _____ b) Sumakay Siya sa sasakyang pangkalawakan.
   _____ c) Nawala na lamang Siya at sukat.

11. Ano ang ipinangakong gagawin ni Jesus?
   _____ a) Hihintayin ang mga alagad.
   _____ b) Ipadadala Niya ang Espiritu Santo.
   _____ c) Maghahari Siya sa sanlibutan.

12. Handa ka na ba sa pagdating ni Jesus? ________

### *MALIGAYANG BATI*

***Natapos mo na ang "Mga Tampok Na Pangyayari Sa Buhay ni Cristo." Ikinagagalak naming maging mag-aaral ka. Pagpalain ka ng Dios sa pagsasakatuparan mo ng iyong mga natutuhan.***

***Aming iminumungkahi na iyong pag-aralan ang susunod na kurso na pinamagatang, "Ang Iyong Matulunging Kaibigan."***

**ICI Ministries, Inc.**
**P.O. Box 13461, Ortigas Center**
**1605 Pasig City, Metro Manila, PI**
Website: www.iciphilippines.org
E-mail: info@iciphilippines.org

# MGA TAMPOK NA PANGYAYARI SA BUHAY NI CRISTO
# PAGSUSULIT

## ARALIN 2

### JESUS - ANG DAKILANG GURO

STUDENT NUMBER:

PANGALAN: ______________________
TIRAHAN: ______________________
______________________

1. *Punan ang mga puwang:*
   Ang kahulugan ng "Jesus" ay __________
   Si Jesus ay binautismuhan sa Ilog ng __________
   ni __________ Bautista.
   Sinabi ng Dios: "Ito ang sinisinta Kong __________"

2. Mula sa anong bagay ililigtas ni Jesus ang mga tao?
   _____ a) Pamahalaan ng Roma.
   _____ b) Kahirapan at sakit.
   _____ c) Kanilang mga kasalanan.

3. Anong mga pangalan ang nangangahulugang "pinahiran"? __________ o __________

4. Bakit mapapagaling ni Jesus ang mga maysakit?
   _____ a) Marami Siyang alam na panlunas.
   _____ b) Nag-aral Siya ng medisina.
   _____ c) Siya ay pinahiran ng Espiritu ng Dios upang magawa Niya ito.

5. Si Jesus ba ay palakaibigan sa mga Samaritano?
   _____ a) Hindi. Sila ay mula sa ibang lahi at relihiyon.
   _____ b) Oo. Iniibig ni Jesus ang bawa't isa.
   _____ c) Hindi. Sila'y masyadong makasalanan.

6. Ang pagsisikap bang maging mabuti ang siyang magdadala sa atin sa langit? __________

7. Sino ang tanging makapagbibigay ng kasiyahan at makatutugon sa pangangailangan ng tao?
   ______________________

## ARALIN 3

### JESUS - PROPETA AT HARI

1. Bago dumating si Jesus, sino yaong dakilang propeta na tumanggap ng mga kautusan ng Dios?
   ______________________

2. Sino yaong Propetang katulad ni Moises? __________

3. Kaninong kautusan ang may higit na kinalaman sa ginagawa ng tao? __________

4. Kaninong kautusan ang may kinalaman sa kalagayan ng tao? __________

5. Sinabi ni Jesus, tayo ay katulad ng __________ at ng __________ ng sanlibutan.

6. Pananagutan ba natin sa Dios ang ating mga damdamin at mga kaisipan?
   _____ a) Hindi. Walang sinuman ang makapipigil sa anumang maiisip niya at madarama.
   _____ b) Oo. Ang ating mga kaisipan at mga damdamin ang nagbubunga ng ating mga kilos.

7. Aling buhay ang makatatagal laban sa bagyo ng pagsubok at mananatili magpakailanman?
   _____ a) Yaong natatag sa pagtalima sa mga kautusan ni Jesus.
   _____ b) Yaong nagbibigay-lugod sa sarili laman.
   _____ c) Yaong natatag upang makapagbigay lugod sa ibang mga tao.

8. Isulat ang dalawang kautusan na binanggit ni Jesus na siyang pinakadakila.
   ______________________
   ______________________
   ______________________
   ______________________

## ARALIN 4

### ITINUTURO NI JESUS ANG PAGPAPATAWAD

1. *Punan ang mga puwang:*
   Nagsalaysay si Jesus ng mga __________ upang tulungan ang mga tao na maunawaan ang mahalagang katotohanang __________.

2. Bakit nilisan ng bunsong anak ang kanilang tahanan?
   _____ a) Upang humanap ng magandang hanapbuhay.
   _____ b) Upang maglingkod sa sangkatauhan.
   _____ c) Upang makapamuhay sa sariling kaparaanan.

3. Bakit siya nagbalik sa kanila?
   _____ a) Upang humingi pa ng salapi.
   _____ b) Upang humingi ng tawad sa kanyang ama.
   _____ c) Upang ibalita sa kanila ang lunsod.

4. Sino ang nangangailangan ng pagpapatawad ng Dios?
   _____ a) Lahat, ang lahat ay nagkasala.
   _____ b) Yaon lamang masasamang tao.
   _____ c) Yaong nakatira sa lunsod.

5. Punan ang mga puwang:
   "Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan datapuwa't ang kaloob na walang bayad ng Dios ay __________
   kay __________
   na Panginoon natin." Roma 6:23

6. Pinatawad na ba ni Jesus ang iyong mga kasalanan?
   ______________________